## SO WHAT

- Papaano ipinakita ni Jesus ng lubos ang Kanyang pagmamahal para sa atin (1 Juan 3:16)?
- Ano ang naging katugunan ni Jesus kay Pedro nang siya ay tumangging hugasan ang kanyang mga paa (Juan 13:8)? Ano sa palagay mo ang mali sa kundisyon ng puso ni Pedro?
- Ano ang iniutos ni Jesus matapos Niyang hugasan ang paa ng mga disipulo (Juan 13:14)?

## NOW WHAT

- Para sa iyo, ano ba ang tunay na pagpapakumbaba? Bakit mahalaga ito?
- Sa anong paraan mo maipapakita ang totoong pagpapakumbaba? Magbigay ng halimbawa.
- Anong mga bagay sa buhay mo ang nagiging hadlang mula sa pagsunod mo sa halimbawa ni Jesus? Bakit?

# PRAYER

- Ipanalangin na biyayaan ka ng Diyos ng pagpapakumbaba sa iyong puso at kalakasan na sumunod kay Kristo sa Kanyang halimbawa.
- Hilingin sa Diyos na tulungan kang makilala pang lalo si Jesus upang masundan mo ang Kanyang halimbawa.
- Ipanalangin ang mga mahal sa buhay, mga kaibigan, at mga kaklase na sila rin ay magkaroon ng rebelasyon mula sa Diyos na kung ano ang ibig sabihin ng tunay na mapagkumbaba.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph



# Pagpapakumbaba

UNPOPULAR
Leadership is Not a Popularity Contest

## NOTES

# CONNECT

- Ikuwento mo kung kailan yung may nag-anyaya sa iyo sa isang hapunan. Ano ang naramdaman mo?
- Kung papipiliin ka sa pagitan ng pamumuno o pagiging tagasunod, ano ang pipiliin mo? Bakit?
- Ano ang naiisip mo kapag sumasagi sa isip mo ang salitang "lingkod?" Bakit?

**WORD**

*[3]Alam ni Jesus na ang lahat ng kapangyarihan ay ibinigay sa kanya ng Ama. At alam din niyang galing siya sa Diyos at babalik din sa Diyos. [4]Tumayo si Jesus habang naghahapunan sila. Hinubad niya ang kanyang damit-panlabas at nagbigkis ng tuwalya sa baywang niya. [5]Pagkatapos, nagbuhos siya ng tubig sa isang planggana, at sinimulang hugasan ang paa ng mga tagasunod niya at pinunasan ng tuwalyang nakabigkis sa kanya.* JUAN 13:3-5

**WHAT**

Nang gabi bago ang Kanyang pagpapapako, si Jesus ay nagpakita ng halimbawa sa Kanyang mga disipulo na hindi nila basta malilimutan—hinugasan ni Jesus ang kanilang mga paa. Noong araw, ang ganitong mala-relihiyosong kaugalian ay karaniwang ginagawa ng mga aliping Hentil at 'di ng mga Hudyo (Leviticus 25:39, 46) at lalong hindi ng mga amo! Papaanong nagkaganoon na si Jesus, na kilala nilang Anak ng Diyos, Guro, at Panginoon, ay yumukod at nagpakumbaba sa ganitong paraan? Narito ang mga iilang bagay na maaari nating matutunan mula sa Kanya.

## 1 Ang tunay na pagpapakumbaba ay imposible ng walang pakikipag-ugnayan sa Diyos.

*Kaya sinabi ni Jesus sa kanila, "Sinasabi ko sa inyo ang totoo, ako na Anak ng Diyos ay walang magagawa kung sa sarili ko lang, kundi ginagawa ko lang ang nakikita ko na ginagawa ng Ama ay siya ring ginagawa ko bilang Anak."* JUAN 5:19

Mula sa Kanyang mga Salita, si Jesus ay ginawa lamang ang nakikita sa Kanyang Ama. Sa totoo lang, ang Kanyang ugnayan sa Ama ang nagsilbing gabay Niya na hindi gumawa para lamang sa Kanyang sarili. Ang katotohanang pagpapakumbabang ito na siyang pinag-uugatan. Ating tinutularan ang halimbawa ni Jesus sa batayang ugnayan Niya sa Diyos. Bakit sa palagay mo ay mahalaga ang personal na ugnayan sa Diyos upang matutunan ang tunay na pagpapakumbaba?

## 2 Pinakita ni Jesus na ang totoong pagpapakumbaba ay Diyos ang nag-aanyaya.

*. . . [4]Tumayo si Jesus habang naghahapunan sila. Hinubad niya ang kanyang damit-panlabas at nagbigkis ng tuwalya sa baywang niya. [5]Pagkatapos, nagbuhos siya ng tubig sa isang planggana, at sinimulang hugasan ang paa ng mga tagasunod niya at pinunasan ng tuwalyang nakabigkis sa kanya.* JUAN 13:4,5

Ang mga alipin ay hinuhugasan ang paa ng kanilang mga panginoon dahil trabaho nila ito at hindi dahil sila ay may kusa o dahil sa pagmamahal. Sa kabilang banda, nakakahiya para sa isang amo na siya pang gumawa ng mga trabaho ng isang alipin. Gayunpaman, si Jesus sa kabila ng Kanyang mataas na katayuan ay nagpakumbaba at inako ang papel ng isang lingkod (Filipos 2:7) bunga ng Kanyang pagmamahal sa mga tao . Bakit sa palagay mo na ang pagpapakumbaba ay ang pag-ibig ng Diyos ang nag-uudyok?

## 3 Inaasam ni Jesus na ang bawat mananampalataya ay sumunod sa Kanyang halimbawa.

*"Kung ako na Guro at Panginoon ninyo ay naghugas ng mga paa n'yo, dapat ay ganoon din ang gawin n'yo sa isa't isa."* JUAN 13:14

Ang pagtawag ni Jesus sa mga mananampalataya na maglingkod sa bawat isa ay may kaugnayan sa espirituwal na pamilya. Ang gawaing paghuhugas ng paa ay pagtanggi sa sariling kalooban at pagpili ng paglingkod sa iba. Ito ang halimbawa na itinakda ni Kristo upang ating sundin. Papaano mo isasapamuhay ang sinasabi ni Jesus sa Mateo 20:27?